
PAHAYAG AT INSPIRASYON



Aralin 5 para
sa ika-31 ng
Oktubre, 2026

"Ang Apocalipsis ni Jesucristo, na ibinigay ng Dios sa kaniya upang ipahayag sa kaniyang mga alipin, sa makatuwid ay ang mga bagay na nararapat mangyaring madali: at kaniyang ipinadala at ipinaalam sa pamamagitan ng kaniyang anghel sa kaniyang alipin na si Juan; Na sumaksi sa salita ng Dios, at sa patotoo ni Jesucristo, sa lahat ng mga bagay na nakita niya" (Apocalipsis 1:1-2)



Naglalaman ang Apocalipsis 1:1-2 ng halimbawa kung paano ipinapahayag ng Dios ang Kanyang mensahe sa atin sa pamamagitan ng propeta:

Ipinahayag ng Dios ang Kanyang mensahe kay Hesus → Ipinahayag ni Hesus ang mensahe sa anghel → Ipinahayag ng anghel ang mensahe kay Juan, na propeta → Isinulat ni Juan ang mensahe




Ngunit hindi lang ganito ang pagpapahayag ng Dios ng sarili sa mga propeta, at hindi lang din ganito ang pagpapahayag ng mensahe sa pamamagitan nila. Pag-aaralan natin kung paano ipinahayag ng Dios sa iba't-ibang paraanang kanyang sarili sa mga propeta at kinasihan sila.



- **Pahayag at inspirasyon:**
  - Pangkalahatan at espesyal ng pahayag
  - Ang proseso ng pagkasi
- **Mga uri ng pagbibigay ng propesiya:**
  - Mga mensahe sa salita
  - Mga mensahe sa sulat
  - Drama, simbolo, parabula



PAHAYAG AT INSPIRASYON



PANGKALAHATAN AT ESPESYAL NA PAHAYAG

"Ang kalangitan ay nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Dios; at ipinakikilala ng kalawakan ang gawa ng kaniyang kamay" (Awit 19:1)


"At kaniyang sinabi, Dinggin ninyo ngayon ang aking mga salita: kung mayroon sa gitna ninyo na isang propeta, akong Panginoon ay pakikilala sa kaniya sa pangitain, na kakausapin ko siya sa panaginip" (Bilang 12:6)



Sinabi ni Pablo na ang mga tumatanggi sa pag-iral ng Dios "ay walang maidadahilan," dahil malinaw na ipinapahayag ng kalikasan "ang mga katangian Nyang hindi nakikita, [...] kahit pa ang Kanyang walang-hanggang kapangyarihan at kadiosan" (Roma 1:20; Awit 19:1).

Makikita natin kung paano nakita agad ng Dios ang pagpasok ng kasalanan sa nagbabagong kapangyarihang ipinapatupad Nya sa mga may buhay. Kung tayo ay nasusugatan, pinapagana ang mga mekanismo upang isarado ang sugat ang maglikha ulet ng tisyu. Ang nandun na ang mekanismong iyon bago pa tayo masugatan!

Ngunit ang kalikasan, mula nang pagbagsak ni Adan at Eba, ay napinsala din ng kasalanan (pagpatayan, mga lindol, ...)



Dahil dito, gumamit ang Dios ng mas direktang mga paraan upang ipakilala ang sarili: espesyal na paghayag sa pamamagitan ng mga propeta at ni Hesu-Kristo, gaya ng naitala sa Biblia, ang Salita ng Dios (Heb. 1:1-2).



ANG PROSESO NG PAGKASI

"Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran" (2 Timoteo 3:16)



Sa loob ng daangtaon, ang mga gawa at mensahe ng Dios ay ipinapasa sa pamamagitan ng pagsasalita, hanggang inudyukan ng Dios si Moises na isulat itong mga gawa at mga salita.



Mula sa sandalling iyon, ang mga mensaheng nais ng Dios na maingatan ay isinulat ng mga "kinasihang" tao, iyon ay, ginabayan ng Banal na Espiritu (2 Pedro 1:21). Ito ang dahilan kaya naging natatangi ang Biblia, naglalaman ng kompletong banal na pahayag.

Ano ang larawan ng proseso ng pagkasi na ito?



Sa pamamagitan ng pangitain at panaginip (Bilang 12:6)



Sa pamamagitan ng personal na karanasan (1 Juan 1:3)



Sa pamamagitan ng pagsaliksik sa kasaysayan (Lk . 1:3)



Sa pamamagitan ng banal na pahayag (2P. 1:21)








MGA URI NG PAGPAPAHAYAG NG PROPESIYA

MGA MENSAHE SA SALITA

"At kaniyang inilagay ang mga Levita sa bahay ng Panginoon na may mga simbalo, may mga salterio, at may mga alpa, ayon sa utos ni David, at ni Gad na tagakita ng hari, at ni Nathan na propeta: sapagka't ang utos ay mula sa Panginoon sa pamamagitan ng kaniyang mga propeta." (2 Cronica 29:25)

Nakipag-usap ng direkta ang Dios sa tao nang apat na okasyon:



Kay Adan at Eba (Gen. 2:16-17)



Nang ibinigay ang 10 utos (Deut . 4:12)




Sa bautismo ni Hesus (Mt. 3:17)



Sa pagpapalit ng anyo (Mark 9:7)

Sa kanilang bahagi, ipinasa ng mga propeta ang mga salitang ibinigay ng Dios, at malinaw na sinsabing: "Ganito ang sinabi ni Jehova" (Jg. 6:8). Ang mga mensaheng ito—gaya ng sitwasyon ni Noe—ay hindi palaging nakasulat.



Nalalaman lang natin ang mga salita ng maraming propeta sa dahil sa sinulat ng iba, ngunit pareho rin ang kanilang otoridad gaya ng nagsulat ng mga mensahe nila. Kabilang sa kanila sina Natan, Elias, Eliseo, at Juan Bautista.





MGA MENSAHENG ISINULAT

"At sinabi ng Panginoon kay Moises, Isulat mo ito na pinakaalaala sa isang aklat' " (Exodo 17:14a)

Anu-ano ang mga dahilan kaya nagpasya ang Dios na iwan ang mga mensahe Nya sa mga sulat?

- Upang maalala ang mga pangyayari (Ex. 17:14)
- Upang turuan tayo (Eccl. 12:10)
- Upang anyayahan tayo sa pagsisisi (Jer. 36:2-3)
- Bigyan tayo ng halimbawa ng gagayahin o itatakwil (1 Cor. 10:11)
- Upang malaman natin ang hinaharap (Apoc. 1:19)



Sa Biblia, ipinapahayag ng mga propeta ang sarili nilang reaksyon bilang tao, ganun din ng ibang mga tao. Naglalaman ito ng tula, tala ng kasaysayan, at mga pangaral na sinulat. Minsan naglalaman ito ng mga sipi mula sa mga hindi may-akda ng Biblia o mga batas mula sa mga paganong mga hari.

Gayunpaman, walang antas ng pagkasi sa loob ng Biblia. Ito man ay tala ng pangangaral, pangyayari, o mga propesiya, lahat ito ay kinasihan ng Dios at tapat na nagpapahayag ng Kanyang mensahe sa atin sa buong panahon (2 Tim. 3:16-17).

DRAMA, SIMBOLO, PARABULA

"Ako rin naman ay nagsalita sa mga propeta, at ako'y nagparami ng mga pangitain; at sa pangangasiwa ng mga propeta ay gumamit ako ng mga talinhaga" (Oseas 12:10)



DRAMA





Dagdag pa sa mga kasaysayan, ang mga kawikaan, mga tula, o mga talumpati, ang Biblia ay naglalaman ng maraming mensahe na ipinapahayag sa pamamagitan ng drama, mga simbolo, at mga parabula.

Ezekiel 4:1-8. Inutusan ng Dios si Ezekiel na gumawa ng modelo ng Jerusalem upang ipakita ang pagkobkob at pagbagsak ng syudad.



Oseas 1:2-9. Inutusan ng Dios si Oseas na pakasalan ang isang bayarang babae upang kumatawan sa kataksilan ng Israel.

1 Hari 20:37-42. Hiniling ng isang propeta ang pagpalo sa kanya at pagkunwaring nasugatan sa labanan upang sawayin ang kasalanan ni Ahab.





Jeremias 13:1-11. Sa utos ng Dios, bumili si Jeremias ng sinturon at tinago ito. Sa huli, sinabihan sya ng Dios na ibalik ito upang ipakita ang kalagayang moral ng Jerusalem.

DRAMA, SIMBOLO, PARABULA

MGA SIMBOLO

Exodo 25:8. Ang mga pari, ang santuaryo, at mga ginagawa dito ay mga simbolo upang ipaliwanag ang detalye ng Plano ng Kaligtasan.

Apocalipsis 13:2. Gumamit ng mga simbolo ang Daniel at Apocalipsis (gaya ng mga hayop, mga sungay, ...) ipang ipakita ang mga katotohanan sa kasaysayan.

Juan 15:1. Gumamit ng mga simbolo si Hesus upang ipaliwanag ang sariling misyon, gaya ng liwanag, baging, mabuting pastol...











PARABULA

Isaias 5:1-7. Gumamit ng mga parabula ang mga propeta upang tawagin ang mga tao sa pagbulaybulay sa espiritwal nilang kalagayan.

Mateo 13:5. Gumamit si Hesus ng maraming parabula upang magturo ng mga espiritwal na katotohanan.

“Ang Biblia ay naghahayag ng katotohanan sa isang sampling paraang at sa walang-pagkukulang na pag- tugon sa panganga-ilangan at hangarin ng puso ng tao, na siyang nagpapanggilalas at gumagayuma sa mga may napakataas na pinag-aralan, at sa kabilang dako naman ay tumutulong sa mga mababa at hindi nagsipag-aral, upang kanilang makilala ang daan ng kaligtasan. [...] Sa ganya’y nalala- had sa atin ang panukala ng pagtubos, upang makita ng bawa’t tao ang mga hakbanging gagawin niya sa pagsisisi sa harapan ng Diyos at sa pananampalataya sa ating Panginoong Jesu-Kristo, upang siya’y maligtas sa paraang itinakda ng Diyos. [...] Kung kailan niya lalong sina- saliksik ang Biblia ay saka naman lalong nagtitibay sa kanyang pag-iisip na ito nga ay salita ng Diyos na buhay, at ang pagmamatuwid ng tao’y yumuyuko sa harap ng karangalan ng banal na pahayag.”

EGW (Paglapit Kay Kristo, p. 107)

APENDIKS: PAHAYAG AT INSPIRASYON KAY ELLEN G. WHITE



Si Ellen White ay kinasihan ng Dios. Ang kanyang mga sulat, buhay, at kanyang paglilingkod ay tanda ng tunay na propeta. Tinatangkilik nya ang parehong pagkasi sa mga propeta sa Biblia, bagaman hindi nya ipinalagay ang kanyang mga sulat na pantay sa Kasulatan. Palagi nyang itinuturing ang Biblia na may otoridad at hindi nagkakamaling pahayag ng Dios.

Kinilala niya na sa proseso ng paghahayag ay kabilang ang pag-uusap ng Diyos at ng tao. Ipinapaabot ng Diyos ang Kanyang mga mensahe, ngunit ipinapahayag naman ng propeta ang banal na utos sa sarili niyang mga salita. Naunawaan niya ang banal na pagkasi sa isipan ng tao bilang pag-iisa ng pahayag ng Diyos at ng karanasan ng tao.



Ipinunto nya na hindi lahat ng karanasan ng tao at lahat ng mga naipahayag nya ay kinasihan. Mahalaga na isaisip ito kung nagbabasa at nag-aaral ng kanyang mga sulat at karanasan, lalo na ang kanyang mga liham at mga talaarawan.

